SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 74 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA 10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG 07 DISYEMBRE 2020, 2:20 P. M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Gualberto V. Magno	- Presiding Officer
Councilor Jerwin S. Dimapilis	- Member
Councilor Agustin L. Cusi	- Member
Councilor David D. De La Cruz	- Member
Councilor John John S. Yason	- Member
Councilor Robert S. Quiatchon	- Member
Councilor Lucille T. Bacay	- Member
Councilor Juan Rafael M. Talens	- Member
Councilor Ronel S. Sescar	- Member
Councilor Elmira May V.Tarac	- Member, SKMF President
Councilor Celso M. Dimapilis	- President, Liga ng Barangay

Absent: N O N E

Pambayang Ordinansa Blg. 26
Taong 2020

ORDINANSANG NAGPAPAWALANG BISA SA ORDINANSA BLG. 16 TAONG 2020 NA MAY TITULONG "ORDINANSANG NAGTATAKDA NG PANSAMANTALANG PASAHE HABANG NASA PANAHON NG COMMUNITY QUARANTINE SA MGA TRICYCLE NA DE-MOTOR NA BUMIBIYAHE SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO."

SAPAGKAT ang lalawigan ng Oriental Mindoro ay kabilang sa mga lugar na "low risk" at may mababang kaso ng COVID-19;

SAPAGKAT ayon na rin sa kautusan ng Inter-Agency Task Force (IATF) na nagpapahintulot sa mga tricycle drivers na magsakay ng pasahero sa likurang bahagi ng motorsiklo (backride) basta't ang kanilang sasakyan ay may alternatibong disenyo ng barrier na inaprubahan ng National Task Force (NTF);

SAPAGKAT upang mabigyan ng karagdagang kita ang mga tricycle drivers ng munisipalidad sa panahon ng pandemya;

SAPAGKAT upang maibaba ang kasalukuyang umiiral na pamasahe na lubhang nagpapabigat sa mga mananakay;

SAPAGKAT upang magkaroon ng kaluwagan sa Sistema at polisiya ng transportasyon sa munisipalidad;

LEO G. CUSI, SR. **GUALBERTO V. MAGNO** **FERDINAND V. TALENS, MPA**

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Robert S. Quiatchon na pinangalawahan ni Konsehal Agustin L. Cusi –

PANGKAT 1. Ang Pangkat I ng Ordinansa Blg. 16 Taong 2020 ay pinawawalang bisa.

PANGKAT 2. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa pitong (7) araw matapos pagtibayin.

Pinagtibay: Disyembre 7, 2020

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

LEO G. CUSI, SR.
Punong Bayan
Petsa 01-04-2021
actual signing

em/merx/pau/11232020

JUMARD CAHA

01/08/21